# *Masdan at Patuloy na Gawin ang Gawain Habang ikaw ay Nagmamasid sa Darating na Paghuhukom ng Dios Yugto 1*

***"36 Nguni't tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang. 37 At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. 38 Sapagka't gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiinom, at nangagaasawa at pinapapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, 39 At hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao." (Mateo 24:36-39 KJV)***

Ang parating na paghatol ng Panginoon ay upang hatulan ang Kanyang bayan, walang nakakaalam kung kailan, sa gayon kailangan nating maging handa sa espirituwal upang makatagpo Siya kapag Siya'y lumitaw upang hatulan ang Kanyang bayan at ang gawa ng ating mga kamay. Sa mensaheng ito hindi ko sinasabi ang tungkol sa ikalawang pagparito ni Cristo kapag Siya ay dumating sa katapusan ng sanglibutan, kundi tinutukoy ko ang ay tungkol sa darating na paghatol ni Cristo sa mga sumuway sa Kanya at ang tinutukoy  ko ang tungkol sa darating na gantimpala sa mga sumunod sa Kanya.

Gaya ng paghatol ni Cristo sa simbahan ng Judio na tinanggihan si Cristo at ang Kanyang mga apostoles noong panahon na wala silang kamalayan, sa pagpapadala ng mga Romanong hukbo laban sa kanila na sumira sa Jerusalem, at sa templo ng Dios ar pinatay ang mga taong Judio noong 70 AD, kahit sa ngayon  Siya ay darating upang hatulan ang Kanyang bayan para sa kanilang kamunduhan at sa kanilang pagtanggi sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga tagubilin. ***"36 Nguni't tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang. 37 At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. 38 Sapagka't gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiinom, at nangagaasawa at pinapapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, 39 At hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao." (Mateo 24:36-39 KJV)*** Si Noe habang itinatayo niya ang sasakyan, nagbigay siya ng babala sa mga tao na ang baha ay darating, upang sila'y magsisi sa kanilang mga kasalanan; mula sa kanilang kaluhuan, kawalan ng pagpipigil, katawakan sa pagkain at pag-iinom, at mula sa kanilang kalibugan at labag sa batas na pag-aasawa. Ang mga tao sa panahon ni Noe, sila'y nagpapakasaya sa kanilang sarili sa isang malupit na paraan, sa katakawan at pag-iinom, at yaon ay napaloob sila sa labag sa batas na pag-aasawa at hindi malinis na pakikipagsiping: ***"2 Na nakita ng mga anak ng Dios, na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao; at sila'y nangagsikuha ng kanikaniyang asawa sa lahat ng kanilang pinili. 4 Ang mga higante ay nasa lupa ng mga araw na yaon, at pagkatapos din naman na makasiping ang mga anak ng Dios sa mga anak na babae ng tao, at mangagkaanak sila sa kanila: ang mga ito rin ang naging makapangyarihan nang unang panahon na mga lalaking bantog." (Genesis 6:2, 4 KJV)*** Sila'y nagpatuloy na gawin ang gayong pagnanasa at labag sa batas na pag-aasawa hanggang si Noe ay pumasok sa sasakyan at ang baha ay dumating at inalis ang mga ito.

***"40 Kung magkagayo'y sasa bukid ang dalawang lalake; ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan: 41 Dalawang babaing nagsisigiling sa isang gilingan; ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan. 42 Mangagpuyat nga kayo: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung anong araw paririto ang inyong Panginoon." (Mateo 24:40-42 KJV)*** Gaya ng paghatol ng Dios sa mga tao sa panahon ni Noe para sa kanilang kalaswaan sa pagkain at pag-iinom, at para sa kanilang pagnanasa sa pagkakaroon ng labag sa batas na pag-aasawa at hindi malinis na pakikipag-ugnayan, kaya kahit sa ngayon siya ay darating na may paghatol upang hatulan ang Kanyang bayan na namuhay at sangkot sa immoral na pakikipag ugnayan, kasintahang lalaki, kasintahang babae, pagsasama, paghihiwalay at pag-aasawang muli, at lumalabag din sa mga tuntunin at gumagawa ng mga bagay na hindi itinakda ng Banal na Kasulatan upang simulant ang ilang pag-aasawa. Ang Panginoon ay darating at hahatulan ang lahat ng mga bagay na hindi ayon sa Banal na Kasulatan.

Ang Panginoon ay darating nang may paghatol sa anyo ng karamdaman para sa sumuway sa mga tagubilin ng Kanyang Salita. May mga taong  isinumpa ng mga karamdaman at cancer dahil sa labag sa batas na pag-aasawa, kahalayan, pagsisiping bago ang kasal, pakikiapid, at pagsasama ng hindi kasal, gaya ng mababasa natin sa aklat ng Pahaya ***"18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli: 19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una. 20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22 Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang***

***kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:18-23 KJV)***

***"19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una." (Pahayag 2:19 KJV)*** Ang simbahan ng Tiatira ay gumagawa ng mabubuting gawa, pangkakawanggawa, paglilingkod, pagkakaroon ng pananampalataya, pagtitiis. Ginagawa nila ang mabuti sa kanilang kasalukuyan nang higit sa kanilang nakaraan. Kaya tila ginagawa nila ang mabubuting bagay, ngunit ginagawa din nila ang masama at maling mga bagay. Sila'y hindi natatakot kay Jesus na nagmamasid sa kanila sa Kanyang paningin at handang lumapit sa kanila ng Kanyang mga paa upang hatulan sila ng mabilis sa kanilang mga kasalanan. Sila'y hindi natatakot kay Jesus na ang mga mata ay katulad ng ningas ng apoy at ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli. ***"18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli:" (Mateo 24:18 KJV)*** Kahit sa ngayon ang mga tao ay magaan nilang tinatanggap si Jesus at sila'y hindi natatakot sa Kanyang paghatol na darating sa kanila kung sila'y hindi magsisisi.

Sa simbahang iyon ng Tiatira ang bulaang propetisang si Jezebel ay naroon. Ang kahulugan ng Jezebel ay 'dumi o dumi ng hayop'. Si Jezebel ay asawa ni Ahab, at siya'y bantog sa pagpipinta ng kanyang mukha, sapagkat siya ang unang babae na binanggit sa Bibliya na pinintahan ang kanyang mukha, Kaya dito makikita din natin ang panganib ng pagpipinta at pagkukulay ng mukha ng make up, at pagpapabango upang mabalani at maakit ang mga lingkod ng Dios upang gumawa ng masama. Ito'y isang babala sa lahat: na ang paggamit ng make up at pabango ay mabuting pagpapahayag upang ipalaganap ang aral ng mga immoralidad.

Ang kahulugan ng salitang Jezebel ay dumi, na kung saan ay dumi ng hayop, na may masangsang na amoy. Ang kahulugan ng Tiatira at kasuklam-suklam na pagdurusa. Kaya ang pabango at ang make up at pagpipinta sa mukha ay hindi nagdadala ng pagpapanumbalik ng Banal na Espiritu kundi nagdadala ng mabilis na paghatol ng Dios. Ang kababaihang natatakot sa Dios ay kailangang iwasan ang ganoon upang ang kanilang mga anak na babae at ang simbahan ng Dios ay magkapagpalaki ng makaDios na landas at malayo mula sa gayong mapanganib na mga kagamitan.

Si Jezebel ay itinalaga bilang propeta sa simbahang iyon ng Tiatira. Inakit ni Jezebel ang mga lingkod ng Dios, ang bagong mga alagad na kumain ng pagkaing inihandog sa mga dios-diosan at gumawa ng pakikiapid, na nagdulot sa kanila sa pangangalunya sa kanya, Ang mga taong nagbibigay ng pagkakataon at pagsang ayon sa mga batang babae at lalaki na magsama sama at hayaan silang makihalubilo sa isa't isa at magiging sanhi sa kanila sa pagkahulog sa immoralidad, sila ay nakikibahagi sa mga imoralidad ng mga naakit, at pangangalunya sa kanila.

Ang bulaang mga guro ay ang karaniwang nasasangkot sa labag na pag-aasawa at upang bigyang daan ang kanilang sarili, inaakit nila ang iba upang gumawa ng katulad gaya ng kanilang ginawa, iniisip na ang higit na gumagawa ng kasalanan kasama nila at katulad nila, ay mababa ang pananagutan sa Dios upang hatulan sila, ngunit iyon ay hindi tama, Ang Panginoon ay maaring tahimik para sa isang sumandali dahil siya ay nagbibigay ng agwat ng panahon upang makapagsisi, ***"At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid." (Mateo 24:21 KJV)*** Ang Panginoon ay palaging nagbibigay ng panahon, mga babala, at puwang at pagkakataon para sa mga makasalanan upang makapagsisi, ngunit kung walang pagsisisi ang paghatol ng Dios ay mahuhulog sa mga gumagawa ng masama, ngunit pananatihin Niya ang matutuwid sa Kanyang paghatol, ***"40 Kung magkagayo'y sasa bukid ang dalawang lalake; ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan: 41 Dalawang babaing nagsisigiling sa isang gilingan; ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan. 42 Mangagpuyat nga kayo: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung anong araw paririto ang inyong Panginoon." (Mateo 24:40-42 KJV)***

Sa simbahan ng Tiatira, na ibig sabihin ay kasuklam suklam na pagdurusa, may mga taong masasama at gumagawa ng mga bagay laban sa Diyos, ngunit kasabay nito ay mayroon ding mga tao na natatakot sa Diyos at masigasig na sumusunod sa Kanyang mga utos, at ang mga ito ay ililigtas ng Panginoon, ***"24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26 At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: 27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga." (Pahayag 2:24-28 KJV)*** Gagantimpalaan ng Dios ang mga taong pinanatili ang kanilang sarili na dalisay at naninindigang matatatag laban sa katuruan ni Jezebel kapag hinatulan Niya ang kasalanan ng immoralidad. Bibigyan Niya sila ng kapangyarihan na mamahala at harapin ang mga bansa at sila'y gagantimpalaan sa pamamagitan ng presenya ni Jesus, na tala sa umaga, ***"Akong si Jesus ay***

***nagsugo ng aking anghel upang sa inyo'y magpatotoo ng mga bagay na ito sa mga iglesia. Ako ang ugat at ang supling ni David, ang maningning na tala sa umaga." (Pahayag 22:16 KJV)*** Si Jesus ang tala sa umaga at tiyak na gagantimpalaan Niya tayo habang tayo'y nagpapatuloy na tumalima sa Kanyang katuruan at mamuhay malayo sa mga kasalanan.

Ang Panginoon ay nagsalita sa mga hindi kumupkop sa turo ni Jezebel, na hindi Siya magdaragdag sa kanila ng ibang pasanin***, "24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan." (Pahayag 2:24-25 KJV)*** Upang panatilihing dalisay ang ating sarili, ang ating pamilya, ang ating asawa, at ang ating mga anak at panatilihing dalisay at malinis ang ating bagong alagad na mula sa imoralidad at malayo mula sa lalim na iyon ni Satanas ay isang malaking pasanin at malaking pananagutan. Kaya't wala nang idadagdag sa atin ang Dios ng ibang pasanin kaysa mayroon tayo. Kaya hindi kailangan mayanig tayo at matakot,, sapagkat ang Panginoon ay hindi hahayaan tayong matukso ng higit sa kung anong ating makakaya, ngunit gagawa Siya ng daan para sa atin upang mapanatili mula sa mapangib na kapaligiran habang tayo'y desididong panatalihing dalisay ang ating sarili mula sa aral ni Jezebel. Sa gayon tiyak na kung ikaw ay susunod sa Dios at mamumuhay sa kabanalan at papanatilihing dalisay ang iyong sarili at ang iyong pamilya at ang iyong mga anak, sa gayon poproktektahan ka ng Dios, pananatilihin ka, at ibibigay ang para sa iyo. Siya ang makikipagbaka para sa iyo at haharapin ang lahat ng iyong mga kaaway, sa mga namumuhi sa Dios at sa namumuhing mamuhay sa kabanalan.

Ipinangako ni Jesus ang gantimpala sa mga nangagtagumpay, ***"26 At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: 27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga." (Pahayag 2:26-28 KJV)*** Aasahan ng Panginoon sa atin na magtagumpay sa gayo'y kailangan nating maging handa at ihanda ang ating isipan, upang maging mangagtagumpay, na gawin ang gawain na itinalaga sa atin sa isang sakdal na paraan at manindigan matatag laban sa aral ni Jezebel.

Mula sa panahong ito, kailangan nating ihanda ang ating sarili, dahil hindi natin batid kung kailan darating si Jesus kasama ng Kanyang paghatol laban sa gawain ng kasamaan, ***"43 Datapuwa't ito'y talastasin ninyo, na kung nalalaman ng puno ng sangbahayan kung anong panahon darating ang magnanakaw, ay siya'y magpupuyat, at hindi niya pababayaang tibagin ang kaniyang bahay. 44 Kaya nga kayo'y magsihanda naman; sapagka't paririto ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip." (Mateo 24:43-44 KJV)*** Kapag si Jesus ay dumating upang humatol, sa gayon ang mga hindi tapat dapat nilang asahan ang pagkawala ng kanilang buhay. Wawasakin ng Dios ang tiyak na mga bagay ng kanilang mga pag-aari, at aalisin mula sa kanila ang ibinigay Niya sa kanila dahil sa kanilang pagsuway at sa kanilang walang katapatan sa Kanya.

***"45 Sino nga baga ang aliping tapat at matalino, na pinagkatiwalaan ng kaniyang panginoon sa kaniyang sangbahayan, upang sila'y bigyan ng pagkain sa kapanahunan?" (Mateo 24:45 KJV)*** Tinatawag tayo ng Dios upang maging tapat sa Kanya, na anumang oras ng paghatol kailangan tayong makitang tapat. Nais ng Dios na gawin natin ang Kanyang kalooban at tuparin ang lahat ng ating mga pananagutan patungo sa Kanya, patungo sa ating pamilya at sa Kanyang simbahan. Kung tayo ay masunurin at tapat sa gayon tayo ay matalino at gagantimpalaan Niya tayo para doon. Ang matuwid ay hindi mamatay sa panahon ng paghatol ng Dios, ngunit sa halip siya'y gagantimpalaan. Ang matuwid na tao ay natatakot sa Dios, ay hindi mamatay bago ang itinalagang panahon sapagkat saanman ang Panginoon ay dumating kasama ng Kanyang paghatol ay makikita siya na ginagawa ang lahat ng kanyang tungkulin at pananagutan at sa gayon iligtas siya ng Panginoon sa mga kaguluhan at pananatilihin ang kanyang buhay. ***"46 Mapalad yaong aliping kung dumating ang kaniyang panginoon, ay maratnan siyang gayon ang kaniyang ginagawa." (Mateo 24:46 KJV)*** Gagantimpalaan ng Panginoon ang aliping iyon at bibigyan siya ng higit na mga bagay na gagawin at higit na mga ministerio na kakamitin. ***"47 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sa kaniya'y ipagkakatiwala ang lahat niyang pag-aari." (Mateo 24:47 KJV)***

Ngunit ang masamang alipin na hindi natatakot sa Dios at sinimulang gumawa ng masama, hindi naniniwalang isang araw ang Dios ay darating at hahatulan siya, ***"48 Datapuwa't kung ang masamang aliping yaon ay magsabi sa kaniyang puso, Magtatagal ang aking panginoon;" (Mateo 24:48 KJV)*** Ang masasama, ay mananamantala sa Diyos at sisimulang abusuhin ang mga taong nasa ilalim ng kanyang pangangalaga, at sayangin ang kanyang oras at mga pribilehiyo, sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila sa pagkain at pag inom sa mga mali at masasamang tao, ***"49 At magsimulang bugbugin ang kaniyang mga kapuwa alipin, at makipagkainan at makipaginuman sa mga lasing;" (Mateo 24:49 KJV)*** sa gayon tiyak na hahatulan ng Panginoon ang aliping yaon at ibibigay sa kanya ng nararapat na parusa para sa kanya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ilagay ito sa iyong isip. Batid ng Panginoon kung paanong huhulihin ang mga gumagawa ng masama at nagtatago ng kanilang mga kasalanan. Huhulihin ng Pangioon ang gayong mga manggagawa at alagad at haharapin ang kanilang masamang ginagawa sa isang araw at sa pagkakataon na hindi nila inaasahan ito, ***"50 Darating ang panginoon ng aliping yaon sa araw na hindi niya hinihintay, at oras na hindi niya nalalaman, 51 At siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga mapagpaimbabaw: doon na nga ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 24:50-1 KJV)*** Aalisin Niya sila; alinman sa mga ito ay papatayin, kaya naman makikita natin ang kamatayan na nagaganap, at kinukuha ng Dios ang mga tao nang biglaan mula sa pangyayari. O sila'y biglang kukunin mula sa kanila ang lahat ng kanilang mga pribilehiyo bilang paghatol sa kanilang mga kasalanan at ilalagay Niya sila at itatalaga sila sa lugar kasama ng mga mapagkunwari, at kasama ng mga sinungaling, sapagkat sila ay mabubunyag, at ang kanilang mga kasalanan ay matutuklasan at ang maskara ay aalisin mula sa kanilang mga mukha.

Batid ng Panginoon kung paanong gagantimpalaan ang Kanyang bayan, sa mga naglilingkod sa Kanya at sa mga gumagawa ng Kanyang kalooban at lumalakad sa Kanyang mga daan. Sa mga kapag Siya ay dumating at nakita sila sa lugar at sa ministerio na itinalaga para sa kanila na gawin; kapag Siya ay dumating at nakita sila na ginagawa ang kanilang mga pananagutan patungo sa mga nasa ilalim ng kanilang pangangalaga at sa mga taong nakapalibot sa kanila, gagantimpalaan ng Panginoon ang mga lingkod na iyon at itataguyod sila at idadagdag sa kanila ang mga pagpapala, kalakasan, pribelihiyo, at mga ministerio. Sa mga nagpapatuloy sa pagtitiis sa lugar na itinalaga ng Dios sa kanila na maparoon, isang araw tatanggapin nila ang para sa kanila at ang kanilang gantimpala mula sa Panginoon habang sila'y nagpapatuloy na paglingkuran Siya at gawin ang Kanyang kalooban. Kaya naman sa mga walang pagtitiis at sa mga iniwan ang kanilang ministerio at mga takdang gawain ay hindi tinapos, makikita mo silang kapos sa mga pagpapala at sa gantimpala ng Dios, Sa ganitong dahilan, hinihikayat kita na magpatuloy na panatilihin ang iyong pangako at ang iyong mabuting gawa. Ito'y tiyak na gagantimpalaan ng Panginoon. Ibabalik ka ng Panginoon sa iyo ang lahat ng mabubuting bagay sa lahat ng iyong pagpapakasakit at lahat ng iyong pagdurusa at lahat ng iyong katapatan at ang mabuting gawa na ginawa mo sa Kanya. ***"58 Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon." (1 Corinto 15:58)***

***Ang aking Panalangin:*** Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong Salita na ipinahayag ang katotohanan sa akin at nagawa kong maunawaan kung ano ang katotohanan.

Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ________________________.

Simulang ipahayag ang iyong mga kasalanan sa Dios ______________________.

Panginoon patawarin mo ang iyong bayan, sa mga nagsisi, ang mga kasalanan ng pagpapabaya, ang kawalan ng pangako, at ang kawalan ng pagtitiis sa paggawa ng ministerio. Panginoon patawarin mo ang mga nagsisi sa kasalanan ng kamunduhan at ang mga kasalanan ng walang pag-iingat. Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Bababe na nagsisi na manumbalik at ang mga ministerio na nais mo sa kanila na maging at malingkod sa iyo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na pinanatili ang kanilang sarili sa lugar at sa ministerio na itinalaga mo sa kanila. Gantimpalaan mo sila at ibigay sa kanila ang nararapat sa kanila. Panginoon gantimpalaan mo sila para sa kanilang mabuting pangangasiwa at sa kanilang kasipagan sa paglilingkod sa iyo at paglilingkod sa iyong bayan na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga.

Panginoon pagpalain kami at ipagkaloob sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magpatuloy at gumawa ng mga alagad sa lahat ng mga bansa. Panginoon paging dapatin kaming mag evangelio at abutin ang nawawala at bagong mga lugar ng Evangelio ni Jesus. Panginoon tulungan kaming magtanim ng maraming pag-aaral ng Bibliya at magpalago ng maraming alagad upang paglingkuran ka. Panginoon patuloy na protektahan kami at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal ana Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates

Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com